Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA AUIDITORIUM, IKA-APAT NA PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-17 NG MARSO, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni<br>Pansamantalang Nangulo sa Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | Kasangguni |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 50-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA PINAGTITIBAY ANG 2021 TAUNANG PAGLALAAN NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY BARIHAN NA NAKAPALOOB SA KANILANG KAPASIYAHAN BLG. 03-2021 NA NAGKAKAHALAGA NG ANIM NA RAAN PITUMPUNG LIBO, PITONG DAAN WALONG PISO AT SIYAMNAPUNG SENTIMO (PHP 670,708.90).**

**ITINAGUYOD NI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA,**
**AKDA NINA: KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO AT KGG. DIONISIO C. MENDOZA**

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** naisumite sa dakilang kapulungang ito, partikular sa Lupon sa Paglalaan at Paggugol para sa kaukulang pagrerebisa ang 2021 Taunang Paglalaan ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Barihan ng Lungsod ng Malolos batay sa kanilang pinagtibay na Kapasiyahan Blg. 03-2021;

**SAPAGKAT,** ang nasabing 2020 Taunang Paglalaan ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Barihan ng Lungsod na ito ay nagkakahalaga ng ANIM NA RAAN PITUMPUNG LIBO, PITONG DAAN WALONG PISO AT SIYAMNAPUNG SENTIMO (PHP 670,708.90);

**SAPAGKAT,** sa nabanggit na Taunang Paglalaan ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Barihan ay malinaw na naihayag ang mga programa at proyektong pagsasandigan ng mga gastusin na inakma sa lalong pagpapaigting ng paglilingkurang madla tungo sa higit na ikaiinam ng kagalingang panlahat, lalo't higit sa sektor ng kabataan;

**SAPAGKAT,** batay sa tagubilin ng Executive Order No. 27, marapat lamang na ang PROGRAMS, PROJECTS AND ACTIVITIES (PPA's) ng bawat Barangay ay naka-angkla sa National Development Goal; AMBISYON NATIN 2040 at sa 2030 Agenda for Sustainable Development (SDG's);

**SAPAGKAT,** itinatagubilin din sa ilalim ng SK Reform Act of 2015 ang pagbalangkas at pagpapatibay ng Comprehensive Barangay Youth Development Plan (CBYDP) gayundin ang Annual Barangay Youth Investment Program (ABYIP);

**SAPAGKAT,** batay sa Seksyon 20(a) ng Batas Republika Blg. 10742 o mas kilala sa taguring SK Reform Act of 2015 ay minamandato ang pagkakaloob ng sampung porsiyento (10%) na paglalaan para sa Sangguniang Kabataan mula sa "General Fund" ng Barangay;

**SAPAGKAT,** alinsunod din sa Seksyon 20(b) ng kaparehong batas ay kinikilala ang pagkakaroon ng kalayaang pinansyal ng bawat Sangguniang Kabataan ukol sa operasyon, paggugol at pagpapalaki ng paglalaan at pagkukunan nito;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** minamandato din ang pagbubukas ng sariling 'account' sa alinmang "Government Depositary Bank" ng bawat Sangguniang Kabataan sa ilalim ng pangangasiwa ng Tagapangulo at Ingat Yaman ng Sangguniang Kabataan (DOF Circular No. 1-2017);

**SAPAGKAT,** tagubilin ng Rule V, Section 30(h) ng Implementing Rules and Regulations (IRR) ng R.A. 10742 ang pagbibigay ng prayoridad sa mga programa at proyektong gaya ng mga sumusunod:

a) Equitable access to quality education
b) Environmental protection
c) Climate change adaptation
d) Disaster risk reduction and resiliency
e) Youth Employment and livelihood
f) Health and anti-drug abuse
g) Gender sensitivity
h) Sports development, and
i) Capability Building, which emphasizes leadership training

**SAPAGKAT,** batay sa Seksyon 16 ng R.A. 7160 kilala sa Taguring Local Government Code of 1991, na tungkulin ng Pamahalaang Lokal na isulong ang kagalingang panlahat at ang 2021 Taunang Badyet ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Barihan ay instrumento sa nasabing tadhanain ng batas;

**SAPAGKAT,** ang mabunying Sangguniang Panlungsod ay may animnapung (60) araw upang rebisahin o repasuhin ang mga paglalaang pinagtibay ng Sangguniang Kabataan (Joint Circular No. 1, S.2019 - DBM, DILG at JMC - 3.3.4.1;

**KUNG KAYA'T** sa mungkahi ni Igg. Nino Carlo C. Bautista na sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na pinagtitibay ang 2021 Taunang Paglalaan ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Barihan na nagkakahalaga ng ANIM NA RAAN PITUMPUNG LIBO, PITONG DAAN WALONG PISO AT SIYAMNAPUNG SENTIMO (PHP 670,708.90).

**PINAGTIBAY.**

***KGG. NOEL G. PINEDA**
Pang. Punong Lungsod

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
Kasangguni

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
Kasangguni

***KGG. MICHAEL M. AQUINO**
Kasangguni

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
Kasangguni

***KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
Kasangguni

***KGG. EMMANUEL R. SACAY**
Kasangguni

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
Kasangguni

***KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
Kasangguni

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
Kasangguni

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
Kasangguni - ABC President

***KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
Kasangguni - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sangguniàn.

**JONATHAN S. ROQUE**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
Pansamantalang Nangulo sa Hapag

*hindi nakadalo